MAGHANDA PARA SA ISANG KALAMIDAD

Sa paninirahan mo sa California, maaaring makaranas ka ng kalamidad, tulad ng wildfire, lindol, o baha. Ikaw ang pinakamahusay na makakatulong sa sarili mo at sa pamilya mong maghanda para sa kalamidad sa pamamagitan ng paggawa sa limang simpleng hakbang.

HAKBANG 1: MAKATANGGAP NG MGA ALERTO

- Pumunta sa www.CalAlerts.org para mag-sign up para sa mga abiso sa mga emergency
- I-follow ang mga mapagkakatiwalaang social media source tulad ng iyong Opisina ng County sa Pamamahala/Serbisyo sa Emergency, hepe ng sunog, sheriff/hepe ng pulisya, at lokal na pamahalaan
- Tumawag sa 2-1-1 mula sa iyong telepono para makakuha ng karagdagang impormasyon

HAKBANG 2: MAGPLANO

- Gumawa ng listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng taong maaaring kailangan mong makontak
- Ibahagi ang listahan sa iyong pamilya kung sakaling magkahiwalay kayo
- Magpasya kung saan kayo magkikita ng mga mahal sa buhay sa panahon ng emerhensiya at magpraktis kung paano kayo lilikas

HAKBANG 3: GUMAWA NG GO BAG

- Gumawa ng Go Bag para sa mga pagkakataon na kailangan mong lumikas nang mabilisan
- Mag-pack ng mahahalagang dokumento at gamit para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan bago pa man ang oras ng pangangailangan.
- Maghanda ka na ng mga susi, pitaka, telepono/charger, gamot, at mga personal na gamit

HAKBANG 4: GUMAWA NG STAY-BOX

- Gumawa ng stay box para sa panahon na hindi ka makakalabas ng bahay mo
- Isama ang mga pangunahing kagamitan tulad ng pagkain na hindi madaling masira, tubig, mga gamot, flashlight, at mga basurahan
- Subukang mag-imbak ng sasapat nang tatlong araw

HAKBANG 5: TUMULONG SA IBA

- Makipagpalitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnyan sa iyong mga kapitbahay at planuhin kung paano kayo makakapagtulungan para mapanatiling ligtas ang isa't isa
- Maging handa para tulungan ang mga nasa paligid mo na maaaring hindi kayang lubos na tulungan ang kanilang mga sarili sa panahon ng kalamidad

Kung magkakaroon ng emergency, manatiling kalmado at sundin ang mga tagubilin ng pulisya, kagawaran ng sunog, at mga lokal na opisyal. I-download ang Listos California Disaster Ready Guide sa: www.ListosCalifornia.org

LISTOS CALIFORNIA

Cal OES
OPISINA NG GOBERNADOR PARA SA MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY